Pangalan: ___________________________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula: ____________ Petsa Nang Natapos: ________________Marka:___________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Aspekto ng Pandiwa

**I. Panuto:** Bilugan ang pandiwang ginamit sa loob ng pangungusap. Pagkatapos, tukuyin kung anong uri ng aspekto ng pandiwa ang ginamit. Ilagay ang sagot sa nakalaang patlang.

| | | | |
|---|---|---|---|
| perpektibo | imperpektibo | kontemplatibo | perpektibong katatapos |

________________1. Madalas na pinapasyalan ni Ben ang magandang tanawin sa kanilang lugar sa Samar.

________________2. Binalak na mangisda ni Athena sa ilog na malapit sa kanilang kinaroroonang bahay.

________________3. Sina Joshua at Melisa ay nanindigang hindi kailanman magiging maayos ang patubig sa bukid kung walang pagtutulungan mula sa mga magsasaka.

________________4. Maalab na minamahal ng kabataan ang kanilang pagiging Pilipino sa pamamagitan ng paggamit ng wikang Filipino.

________________5. Maglalaba ako mamaya pag-uwi ko galing sa eskuwelahan.

________________6. Nasa balita ang walang-awang pamamaslang sa mga asong dumaraan lamang sa harap ng bahay ng isang pamilya sa bayan.

________________7. Sinubukan kong gawin ang aking takdang-aralin at masaya ako sa pagbabago ng aking nakasanayan.

________________8. Ipagdiriwang ang pista ng santo ng aming bayan sa susunod na linggo.

________________9. Sa oras na ito, ipinagpapasalamat natin na tayo'y ligtas sa kabila ng pandemya na mayroon sa buong mundo.

________________10. Sino ba sa kanila ang nagsasabi ng totoo tungkol sa pangyayari noong makalawa?